

## Mga bagay na kailangan mong malaman:

Kinakailangan ng programang SOMAH na gagamit ang lahat ng mga proyekto ng Virtual Net Energy Metering (VNEM) upang kalkulahin ang iyong kuwenta ng utility, na nagtitiyak na ang minimum na 51% ng mga kredit sa kuwenta ay direktang mapupunta sa iyo at sa ibang mga nangungupahan. Ang VNEM ay isang proseso ng pagkuwenta na nagbibigay-daan sa iisang solar na sistemang PV na hatiin ang mga kredit sa kuwenta sa mga lugar para sa nangungupahan at mga lugar para sa publiko.



## Sinusubaybayan ng VNEM na

- 1 Ang solar na sistemang PV sa iyong gusali ay gumagawa ng kuryente.
- 2 Ang kuryente ay sinusukat ng isang metro ng solar at pinapadala sa grid ng kuryente. Ang grid ng kuryente ay ang network na pinapatakbo ng Pacific Power upang maghatid ng kuryente sa mga tahanan, negosyo at iba pang mga gumagamit.
- 3 Ang kuryente na ginagamit ng iyong sambahayan ay sinusukat ng iyong metro ng kuryente
- 4 Idadagdag ng Pacific Power ang mga kredit - batay sa kuryenteng ginawa ng solar na sistemang PV sa iyong gusali upang bawasan ang iyong buwanang kuwenta

## Mga tanong tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

Ang SOMAH ay pinangangasiwaan ng SOMAH Program Administration Team sa ilalim ng tangkilik ng California Public Utilities Commission (CPUC). © 2018 California Public Utilities Commission. Nakalaan ang lahat ng karapatan.




## Ano ang dapat mong malaman tungkol sa iyong bagong kuwenta ng utility

Mahalagang maunawaan kung paano makakaapekto ang pagkakaroon ng solar na enerhiya sa iyong gusali sa iyong kuwenta ng kuryente. Magkakaroon ng mga pagbabago sa parehong hitsura ng iyong kuwenta at sa paraan ng pagkalkula nito.

### Pamantayan na Halaga

Kinakalkula ang iyong kuwenta sa pamamagitan ng magkakaibang mga baitang o antas. Ang bawat baitang ay mayroong partikular na bilang ng mga yunit ng kuryente (kilowatt-hours o kWh) na maaari mong gamitin. Ang unang baitang ay tinatawag na "Baseline." Kapag ginamit mo ang lahat ng yunit ng kuryente sa baitang na Baseline, nakahanay ka sa susunod na baitang na tinatawag na "Non-Baseline." Kapag lumipat ka mula sa baitang na Baseline patungo sa Non-Baseline, magbabayad ka nang mas mataas bawat kWh ng kuryente.



## Kredit ng VNEM

Magkakaroon ang iyong buwanang kuwenta ng bagong seksyon na nagpapakita sa mga kredit ng VNEM na binawasan ng Pacific Power mula sa halaga na siningil sa iyo para sa kuryente. Ang kredit ng VNEM na matatanggap mo ay batay sa kuryente ng ginawa ng solar na sistemang PV sa iyong gusali. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga baitang ng halaga at VNEM na iniaalok ng Pacific Power, tumawag sa 888-221-7070.

## Mga tanong tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

[CalSOMAH.org/tenants](https://calsomah.org/tenants)

✉ [contact@calsomah.org](mailto:contact@calsomah.org)